

Preliminaryong Pagsusuri sa mga Pananaw sa Metakognitibong Pagbasa sa Klaseng *Blended*: Implikasyon sa Pagbuo ng Estratehiya sa Pagbubuod

Jazz Lendle Dy-Balota
De La Salle Santiago Zobel School
jazz.dy@dlszobel.edu.ph

Abstrak

Itinuturing na palatandaan ng batang marunong bumasa ang kakayahang muling isalaysay sa sariling paraan ang tekstong kaniyang binasa. Ngunit, madalas nang hindi nakadaraan sa ganitong proseso ang isang mambabasa sa birtuwal na espasyo dahil sa bilis ng pagdagsa ng impormasyon at ikli ng atensiyon ng karamihang mambabasa sa kasalukuyang panahon. Sa panahong hindi na lamang iisa ang moda ng instruksiyon, palaging nakikitang tugon ang paglinang sa nakapag-iisang pagkatuto na sangkot ang kamalayang metakognitibo. Subalit, hindi nabibigyang-tuon ang pananaw rito ng dalawang mahahalagang salik na bumubuo sa trayanggulong ugnayan ng pagbasa–ang guro, na pinagmumulan ng mga gawaing panliterasi, at mambabasa, na nagkakaroon ng interaksyon sa teksto at gawain. Mula rito, tinangka ng kasalukuyang pananaliksik na ilarawan ang pananaw ng guro at mag-aaral sa metakognitibong estratehiya sa pagbasa bilang salik sa paglinang ng kasanayan sa pagbubuod, na isang palatandaan ng komprehensiyon. Gamit ang deskriptibong pamamaraan, natuklasan ang magkakabuklod na pananaw ng guro at mag-aaral hinggil sa paggamit ng metakognitibong estratehiya sa pagbasa tungo sa paglinang ng kasanayan sa pagbubuod sa klaseng blended, na maaaring makapag-ambag ng ideya sa pagbabalangkas ng mga pedagogikal na estratehiya sa magkahalong moda ng instruksiyon (blended instruction).

Mga Susing-salita: hypertext, kasanayan sa pagbubuod, klaseng blended, metakognitibong estratehiya sa pagbasa

Abstract

One indicator that a reader is proficient in reading is their ability to retell what they have read in their own words. However, readers in the virtual space often skip this process due to the rapid influx of information and the shortened attention span of most readers today. In an era where instruction is no longer restricted to a single mode, the proliferation of

independent learning, which involves metacognitive awareness, is frequently perceived as a necessary response. But the viewpoints of the two key components that make up the triangular relationship of reading—the reader, who interacts with the text, and the teacher, who offers literacy activities—are frequently disregarded. The present study attempted to characterize the viewpoints of educators and learners on the use of metacognitive strategies in reading as a factor in developing summarization skills, which is an indicator of comprehension. Using a descriptive method, the study discovered the shared perspectives of teachers and students regarding the use of metacognitive strategies in reading toward the development of summarization skills in a blended learning class, which could contribute ideas to the formulation of pedagogical strategies for blended instruction.

Keywords: hypertext, summarization skills, blended learning environment, metacognitive reading strategies

Introduksiyon

Itinuturing na palatandaan ng batang marunong bumasa ang kakayahang muling isalaysay sa sariling paraan ang tekstong kaniyang binasa. Sa mundong global na kasalukuyang dinadagsa ng iba't ibang impormasyon, mahalagang mapalakas ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pag-unawa ng anomang nababasa sa birtuwal na espasyo dahil daan ito sa matalinong pagsasala at pagbabahagi ng ideya na nakaapekto sa reaksiyon at aksiyon ng publiko (Arafat, 2021). Subalit, wala pa mang klaseng *online* at *hybrid*, matagal nang suliranin ng edukasyon ang mababang komprehensiyon na nagsisimula sa elementarya at nagpapatuloy hanggang sa magtapos ang mag-aaral ng batayang edukasyon at ito ay mapatutunayan sa antas ng kanilang pagtatanong na umaabot lamang sa literal at imperensiyal na antas, partikular na sa pagbasa ng tekstong ekspositori (DepEd, 2023; World Bank, 2022; Collamar, et al., 2017) at lalo pa itong lumubha sa pagkakaroon ng bagong kapiligrang pampagkatuto tulad ng mga *Learning Management Systems* (LMS) na nagluluwal sa mga tekstong tulad ng *hypertext* (Blom et al., 2017). Nangangahulugan itong hindi nila naaabot kahit ang antas ng reorganisasyon na kinapaloloban ng kasanayan sa pagbubuo.

Sa paglinang ng kasanayan sa pagbubuo, mahalaga ang gampanin ng kasanayan sa metakognitibong pagbasa (Calamlam, 2023; Compton & Pearson, 2016). Subalit, dahil ang mga kasanayan sa metakognitibong pagbasa ay madalas na nakatuon sa mga estratehiya, hindi ito madalas na nagbubunga ng positibong resulta dahil may mga estratehiya sa pagtuturo ng guro na hindi tiyak na tumutuon sa kung paano babasahin ang teksto (Villanueva, et al., 2023; Susanto, 2021, Winne et al., 2001) kundi kung ano lamang ang dapat unawain sa loob ng teksto na kailangan sa pagpapasa ng gawain.

Sa panahong hindi na lamang iisa ang moda at uri ng kagamitan na maaaring gamitin ng guro sa paglalahad ng aralin dahil sa paglitaw ng iba't ibang *learning management systems* at *learning spaces* na nangangailangan ng isang mag-aaral na kayang matuto nang mag-isa (*self-regulated learners*), kasabay na dapat ding paigtingin ang paglinang ng mga kasanayan sa metakognitibong pagbasa, tulad ng pagbubuod. Gayunpaman, dahil sa labis na pagtutuon na mailahad at malinang ang mahahalagang kaalaman at kasanayang pangnilalamang itinakda ng kurikulum (Villanueva, et al., 2023) mapapansing nawalan ng tiyak na tuon sa pamamaraan kung paano ituturo nang epektibo ang nilalaman sa magkahalong moda ng instruksiyon gamit ang LMS. Sa katunayan, nakaliligaw at nakalilito ang impresyon ng mga mag-aaral sa karanasan sa nabigasyon sa mga araling nakalahad sa isang LMS dahil sa dami ng impormasyon at direksiyong maaaring makita at mabasa rito (Altun, 2003). Malaki ang epekto nito sa tagumpay ng kanilang pag-unawa sa aralin sa harapang talakayang pangklase kaya naman kahit na marami at iba't iba ang araling pangnilalaman na laman ng LMS, hindi pa rin ito garantiyang nakapagbibigay ng mabungang pagkatuto.

Pagbubuod bilang ubod ng komprehensiyon sa pagbasa

Ang pagbasa ay kinasasangkutan ng dalawang mahalagang proseso: ang pagkuha at pagbuo ng kaalaman mula sa teksto (Snow, 2002). Mula sa kahulugang ito, masasabing hindi na lamang sa elektroniko o limbag na teksto nakasalalay ang pagtatamo ng komprehensiyon. Sabihin pa, sa pagbasa ng teksto, marapat na may trayanggulasyon sa mga salik na bumubuo sa kaganapan ng pagbasa – sa guro, mag-aaral, at gawain sa pagbasa. Alam ng isang mahusay na mambabasa ang mga gawaing makatutulong sa kaniya upang maunawaan ang kaniyang binabasa; kaya niyang iugnay ang nilalaman mula sa teksto sa kaniyang nagdaang kaalaman; kaya niyang hinuhain ang paksa o mga susunod na pangyayari sa teksto; at kaya niyang ibuod o pasimplehin ang kaniyang binasa upang maibahagi ito sa iba. Ang pagbubuod ay parehong kognitibo at metakognitibong gawain sa pagbasa (Azevedo & Witherspoon, 2009; Hirvela & Du, 2013; Lopez & Flores, 2019; Karbalaie, 2010) na may tuhugang layuning malinang ang kasanayan ng mambabasa at magdagdag ng kaalaman sa kapuwa. Sa katunayan, ang pagbubuod, kasama ng muling pagsasalaysay (*paraphrasing*) sa teksto, ang isa sa mga gawaing itinuturing na pinakamahalagang batayan ng komprehensiyon. Sa klaseng *blended* kung saan naghahalo ang moda ng instruksiyong *online* at harapan at malaki ang kahingian sa isang mag-aaral na matuto ng nakapag-iisa, manipestasyon ang gawaing ito na hindi lamang natanggap ng mambabasa ang mga impormasyong nahango sa teksto, limbag man o elektroniko, bagkos ay kaya niyang ilapat ang kaniyang unawa sa kaniyang sariling pamamaraan gamit ang mga pagwiwikang halaw sa kaniyang mga nagdaang kaalaman (Reflianto, et al., 2021). Subalit, sa pagpapalakas ng kasanayan sa pagbubuod bilang isa sa mahahalagang susi sa metakognitibong pagbasa at pagtatamo ng komprehensiyon, mahalaga munang alamin ang

pananaw ng mga salik na sangkot sa trayanggulong ugnayan ng pagbasa – ang guro at mag-aaral, lalo pa at magkaibang-magkaiba ang iminumungkahing kapaligiran ng klaseng harapan at *online* na nakapaloob sa klaseng *blended*.

Magkakabukod na pananaw sa metakognitibong pagbasa sa paglinang ng komprehensiyon sa klaseng blended

Kahit pa gamitin ang gawaing pagbubuod sa pagsubok sa komprehensiyon ng mambabasa, higit na nakapagbibigay ng mga positibong resulta sa komprehensiyon ang mga pansuportang estratehiyang isinasagawa ng mambabasa tulad ng paggamit ng diksyonaryo upang unawain ang nilalaman ng teksto (Khoshsima & Nia, 2014). Ang hindi agaran at hindi direktang epekto ng gawaing pagbubuod sa paghasa ng kasanayan sa pagbasa ay madalas na nakaaapekto upang bumaba ang kumpiyansa at tiwala ng guro na gamitin ito sa mga pagsasanay at pagtataya sa unawa ng mga mag-aaral. Bukod dito, ang katangian nitong metakognitibo ay nagdaragdag din ng alinlangan sa mga guro dahil nagsisilbing reduplikasyon ang pagbuo ng estratehiya kung paano ituturo ang isa pang estratehiya (Azevedo & Witherspoon, 2009; Mokhtari & Reichard, 2002). Kaya't ang pagsumpong ng mga paraan upang epektibong ituro sa mag-aaral kung paano magagamit ang iba't ibang metakognitibong estratehiya ay madalas na tingnan bilang pagsasayang lamang ng oras.

Sa panig naman ng mga mag-aaral, malaking hamon ang dagdag na pag-unawa pa ng estratehiya habang inuunawa ang isang teksto dahil pawang dagdag lamang ito sa bigat ng akademikong gawain lalo na sa mga mag-aaral na salat sa kagamitang kinakailangan sa tahanan para sa klaseng *online* (Aquino-Gonzales, 2022). Higit na apektado rito ang mga mag-aaral na pinagkakasya ang *prepaid load* na tatagal lamang ng ilang oras at nakadepende pa sa bigat ng *data* na nakokonsumo sa nabigasyon sa mga gawain sa isang *learning management system* sa klaseng *online*.

Sa kabilang dako, bagama't maraming duda sa paglalapat ng metakognitibong pagbasa na malaki ang kinukuhang oras sa proseso ng pagtuturo-pagkatuto sa iba't ibang kapaligirang pampagkatuto, iminumungkahi pa rin ng mga nagdaang pag-aaral na higit na patatagin ang kasanayang ito sa pamamagitan ng hayagang instruksiyon (Pei & Suwanthen, 2019; Compton & Pearson, 2016; Mante, 2009; Gaerlan, 2005), lalo na sa kasalukuyang panahon na nagmumungkahi ang edukasyon na matuto ang mga mag-aaral gamit ang kani-kaniyang diskarte. Samakatuwid, ang duda at tiwala ng mga salik na nakaaapekto at bumubuo sa pagbasa ay mahalagang isaalang-alang sa pagmumungkahi ng pagpapaunlad sa proseso nito. Mahalagang malaman ang pagtingin ng guro at mag-aaral sa maaaring magawa ng kahantaran sa iba't ibang metakognitibong estratehiya dahil sila ang aktuwal na dumaranas nito sa ugnayang pagtuturo-pagkatuto sa klaseng harapan man o *online*. Kaya naman, sa tangkang bumalangkas ng mga simulain para sa pagbuo ng estratehiya sa

pagtuturo ng pagbasa sa moda ng instruksiyong *blended* na kinapalolooban ng kapaligirang pampagkatutong pisikal at birtuwal, kailangang alamin ang pananaw ng guro, na magdidisenyo ng klasrum at LMS, at ng mga mag-aaral, na siyang magmamanipula nito.

Pagbubuklod ng pananaw ng guro at mag-aaral sa metakognitibong pagbasa tungo sa epektibong estratehiya sa pagtuturo ng pagbasa

Sa trayanggulong ugnayan ng paglinang sa kasanayan sa pagbasa na kinapalolooban ng mga metakognitibong gawain sa pagbasa na ibinibigay ng guro sa panahon ng *hypermedia* (Azevedo & Witherspoon, 2009) at kamalayan ng mag-aaral sa metakognitibong estratehiya na kanilang ginagamit sa pagbasa (Mokhtari & Reichard, 2002), malinaw na tinatangka ng kasalukuyang pag-aaral na gawin pang higit na mabisa ang pagbibigay ng mga gawaing panliterasi na lilinang, susubok, at tataya sa komprehensiyon sa gabay ng mga metakognitibong estratehiya sa pagbasa sa klaseng *blended*. Sa pagkalap, pag-uugnay, at pagbubuklod sa mga pananaw ng guro at mag-aaral na sangkot sa danas na ito, inaasahang makapagmumungkahi ang kasalukuyang ang pag-aaral ng mga simulain sa pagbabalangkas ng estratehiya upang malinang ang kasanayan sa pagbubuod.




Figura 1. Konseptuwal na balangkas

Sa suliraning maaaring maging sagot ang pagpapagana ng kamalayang metakognitibo na humihikayat sa nakapag-iisang pagkatuto sa mga kapaligirang katulad ng LMS upang epektibong makapagbuod ng teksto o anomang nilalaman, mahalagang malaman ang pananaw rito ng dalawang panig na sangkot sa trayanggulong ugnayan ng

pagbasa – ang guro at mag-aaral (Snow, 2010). Sa pamamagitan ng kanilang mga pananaw sa metakognitibong pagbasa, higit na malinaw na makapagbabalangkas ng mga estratehiya upang higit na epektibong mailahad ang mga aralin sa klaseng *blended* at malinang ang kasanayan ng mag-aaral sa pagbubuo. Naging gabay ng kasalukuyang pag-aaral ang sumusunod na layunin (a) mailarawan ang mga tuwiran at di-tuwirang estratehiyang isinasagawa ng guro sa pagtuturo ng pagbubuo sa klaseng *blended*; (b) matukoy ang mga metakognitibong estratehiya na malay na nagagamit ng mag-aaral sa pagbasa ng mga babasahing hypertext sa klaseng *blended*; at (c) masuri ang ugnayan ng pananaw ng guro at mag-aaral sa paggamit ng mga metakognitibong estratehiya sa pagbasa sa paglinang ng kasanayan sa pagbubuo sa klaseng *blended*.

Metodolohiya

Deskriptibo ang disenyo ng kasalukuyang pag-aaral na sumalig sa pamamaraan ng isang praktikal na aksiyong pananaliksik (Creswell, 2012). Isinagawa ito sa isang pribadong paaralan para sa mga panggabing iskolar sa Kalakhang Maynila.

Mga kalahok sa pag-aaral

Sa pamamagitan ng random sampling, tinukoy ang 10-20 mag-aaral na kalahok sa pag-aaral. Bago pasagutan sa mga kalahok ang mga sarbey, talatanungan, at bersiyon sa wikang Filipino ng *Metacognitive Awareness of Reading Strategies (MARSI)*, sumailalim ito sa proseso ng pagsusuri, pagwawasto, at balidasyon ng mga eksperto. Binuo ang lupon ng mga balideytor ng isang eksperto sa larangan ng Pagbasa, eksperto sa larangan ng Filipino, at isang guro na kasalukuyang gumagamit ng LMS sa pagtuturo.

Instrumento sa pananaliksik

Upang mailarawan ang kasalukuyang mukha ng pagtuturo ng kasanayan sa pagbubuo gamit ang mga tuwiran at di-tuwirang metakognitibong estratehiya, ginamit ng mananaliksik ang koda hango sa metakognitibong proseso at estratehiya sa *hypermedia* nina Azevedo & Witherspoon (2009) na binalideyt ng isang eksperto sa larangan ng Pagbasa, isang eksperto sa larangan ng Filipino, at isang kasalukuyang guro sa ikasampung baitang na makikita sa Talahanayan 1:

Talahanayan 1

Metakognitibong Proseso at Metakognitibong Estratehiya sa Hypermedia (Azevedo & Witherspoon, 2009)

Metakognitibong Proseso	Koda ng Estratehiya	Kahulugan
Pagpaplano	[DK] Aktibong paggamit ng dating kaalaman	Pag-uugnay ng kasalukuyang aralin sa dating kaalaman
	[SL] Pagtatakda ng sariling layunin sa pagbasa mula sa itinakdang layunin ng guro	Pagbuo ng sariling layunin sa pagbasa hango sa layuning itinakda ng guro.
Pagmomonitor	[PMWK] Pakiramdam na mayroon/walang Kaalaman	Malay ang mag-aaral na mayroon o wala siyang dating kaalaman sa binabasang teksto.
	[PU] Pagtataya sa Unawa	Malay ang mag-aaral na nauunawaan o hindi niya nauunawaan ang binabasang teksto.
	[PEP] Paggamit ng Estratehiya sa Pagbasa	Kamalayan ng mag-aaral na ang ginamit niyang estratehiya sa pagbasa ay epektibo at hindi epektibo sa pagbasa ng teksto.
	[SP] Sariling Pagtataya	Pagtatanong sa sarili kung naunawaan ang teksto upang mataya kung magpapatuloy, mananatili, o babalik sa simula sa pagbasa.
	[PSUP] Pagtataya sa Usad sa Pagbasa	Pagtataya ng mag-aaral kung natamo ang mga itinakdang layunin sa pagbasa ng guro sa tiyak na oras.

	[KLO] Kamalayan sa Limitadong Oras	Malay ang mag-aaral sa limitadong oras kung kailan dapat matapos ang gawain sa pagbasa.
	[ESP] Ebalwasyon sa Unawa	Malay ang mag-aaral na angkop at hindi angkop ang isang awtput batay sa itinakdang layunin sa pagbasa ng guro.
	[EST] Ekspektasyon sa Kaangkupan ng Teksto	Pagtataya ng mag-aaral sa kaangkupan ng teksto sa layunin nang hindi pa nababasa nang buo ang teksto.
Estratehiya sa Pag-aaral	[PB] Pagbubuod	Pagpapasimple ng binasang teksto, pagkuha ng pangunahing ideya at sumusuportang impormasyon, pagkuha ng banghay ng isang naratibo, at pagtukoy sa usapin at opinyon ng isang artikulo
	[PI] Pagtatala ng Impormasyon	Digital at/o kuwaderno
	[GUH] Pagguhit at Iba pang Eksternal na Reprerentasyon	Grapikong pantulog Dayagram Tsart
	[MP] Muling Pagbasa	Animasyon Larawan Video
Pagtugon sa Kahingian/Hirap ng Gawain	[KOK] Kontrol sa Konteksto	Paghanap ng lugar kung saan mas makapagpopokus, o paghanap ng kasama na makakatulong sa pag-aaral

[PPO] Planadong Paggamit ng
Oras

Planner ng gawain batay sa
oras at timer sa bawat
gawain

Pag-aanalisa ng datos

Samantala, upang matukoy ang mga metakognitibong estratehiyang maláy na ginagamit ng mga mag-aaral sa pagbasa ng mga tekstong ekspositori sa mga kapaligirang tulad ng LMS, pinasagutan sa mga kalahok na mag-aaral ang isinalin at isinakontekstong Metacognitive Awareness of Reading Strategies Inventory (MARSİ). Ginamit na pamantayan sa pagbibigay-interpretasyon sa nakuhang iskor ang ibinigay na pamantayan nina Mokhtari at Reichard (2002) na makikita sa Talahanayan 2:

Talahanayan 2

Pamantayan sa Pagbibigay-Interpretasyon sa Resulta ng Metacognitive Awareness of Reading Strategies Inventory (MARSİ) Batay kina Mokhtari at Reichard (2002)

Interpretasyon	Iskor
mataas	2.4 pababa
katamtaman	2.5 – 3.4
mababa	3.5 pataas

Etikal na konsiderasyon

Sa kadahilanang ang mga kalahok sa pag-aaral ay kinabibilangan ng mga mag-aaral na inaasahang nasa 15-16 na taong gulang at wala pa sa legal na gulang, isang *informed consent* ang pinasagutan sa kanilang mga magulang. Bukod dito, nagpadala rin ng liham sa paghingi ng pahintulot ang mananaliksik sa Tanggapan ng Pananaliksik (*Research Office*) ng paaralan upang maakses ang mga dokumento at makapagmasid sa klase at matiyak ang legalidad ng paglahok ng mga magiging kalahok na guro sa kasalukuyang pag-aaral.

Sa transkripsiyon ng mga panayam at diskusyon, gumamit ng *code* o *alias* ang mananaliksik upang protektahan ang pagkakakilanlan ng mga kalahok sa pag-aaral. Lahat din ng nakalap na impormasyon at dokumento sa anyo ng *audio recordings*, larawan, at tala ng panayam ay maingat at masinop na inilagag sa isang *Google drive folder* na tanging ang mananaliksik lamang ang may akses. Dumaan din ang kasalukuyang pananaliksik sa *ethics review* ng paaralan kung saan isinagawa ang pananaliksik at sa Pamantasang Normal ng Pilipinas-Maynila.

Mula sa transkripsiyon sa mga panayam at datos na nakuha mula sa instrumentong *Metacognitive Awareness of Reading Strategies Inventory* (MARSİ) (Mokhtari & Reichard, 2002),

nagkaroon ng kalinawan ang pananaw ng bawat panig hinggil sa metakognitibong pagbasa sa klaseng *blended* na nakapag-ambag sa mga simulain na dapat ilapat sa paraan ng pagtuturo sa loob ng magkakahalang kapaligirang pampagkatuto.

Resulta at Diskusyon

Tuwiran at di-tuwirang estratehiya sa pagtuturo ng metakognitibong pagbasa

Makikita sa Talahanayan 3 ang matinding pagsang-ayon ng mga guro na tuwiran silang gumagamit ng estratehiya sa pagpapabuod ng binasang teksto. Gayunpaman, nakita ring malaki ang pagkakaiba ng kanilang pananaw sa uri ng kani-kanilang estratehiyang ginagamit kapag wala na sa loob ng paaralan ang mga mag-aaral, kung saan iba-iba na ang kanilang kapaligiran at kalagayan, gayundin sa pagbibigay ng kalayaan sa mag-aaral na humanap ng paraan kung paano ibubuod ang tekstong kaniyang binasa.

Talahanayan 3

Mga Estratehiya sa Pag-Aaral sa Pagtuturo ng Metakognitibong Pagbasa sa Klaseng Blended

Uri ng Estratehiya	Mga Estratehiya sa Pag-aaral sa Pagtuturo ng Metakognitibong Pagbasa
<i>Tuwiran</i>	<i>Direktang inilalahad ng guro ang pangunahing ideya sa binasang hypertext.</i>
<i>Tuwiran</i>	<i>Iniisa-isa ng guro ang mga sumusuportang detalye sa binasang hypertext pagkatapos ng gawain.</i>
<i>Tuwiran</i>	<i>Nagtatakda ang guro ng mga estratehiya sa pagbasa na maaaring isagawa ng mag-aaral upang maunawaan ang teksto (dayagram, grapikong pantulong, pagguhit, at iba pa).</i>
<i>Tuwiran</i>	<i>Tinuturuan ang mga mag-aaral na magtala ng impormasyon habang binabasa ang teksto.</i>
<i>Tuwiran</i>	<i>Hinihikayat ang mag-aaral na iangkop ang paraan pag-unawa sa aralin/teksto batay sa kanilang kondisyon (i.e. interes, kakayahan, motibasyon)</i>
<i>Tuwiran</i>	<i>May sariling estratehiyang isinasagawa ang guro upang maibuod o malagom ng klase ang nilalaman ng teksto na ipinagagawa nang isahan o pangkatan.</i>
<i>Di-Tuwiran</i>	<i>Hinahayaan ang mga mag-aaral na tukuyin ang pangunahing ideya sa binasang hypertext.</i>
<i>Di-Tuwiran</i>	<i>Hinahayaan ang mag-aaral na isa-isahin/balangkasin ang mga sumusuportang detalye sa binasang hypertext.</i>

<i>Di-Tuwiran</i>	<i>Malaya ang mag-aaral kung papaano magtatala ng inuormasyon habang binabasa ang teksto (i.e. pisikal/digital)</i>
<i>Di-Tuwiran</i>	<i>Nakapipili ang mag-aaral ng mga estratehiyang maaari niyang isagawa upang maunawaan ang teksto (dayagram, grapikong pantulong, pagguhit, at iba pa).</i>
<i>Di-Tuwiran</i>	<i>Binibigyan ng oportunidad ang mag-aaral kung nais na muling basahin ang teksto upang tiyakin ang naunawaan dito.</i>
<i>Di-Tuwiran</i>	<i>Binibigyan ng kalayaan ang mag-aaral kung paano ibubuod o ilalagom ang nilalaman ng teksto (i.e. isahan, pangkatan)</i>

Kamalayan ng mag-aaral sa iba't ibang uri ng metakognitibong estratehiya sa pagbasa

Mula rito, sinuri ng mananaliksik ang kaugnayan ng ganitong katangian ng mga metakognitibong estratehiya ng guro sa klaseng blended sa uri at dami ng mga estratehiyang maláy na nagagamit ng mga mag-aaral sa aktuwal na pagbasa. Lumabas sa pag-aaral na nangunguna ang mga panlutas na estratehiya, sinundan ng pangglobal na estratehiya, at pansuportang estratehiya ang mga estratehiyang maláy na ginagamit ng mag-aaral sa pagbasa. Makikita sa Figura 2 ang madalas na iskor ng mag-aaral sa walong aytem na nakapaloob sa mga Panlutas na Metakognitibong Estratehiya:

Kamalayan ng Mag-aaral sa Panlutas na Metakognitibong Estratehiya

Batay sa Mean




Figura 2. Kamalayan ng mag-aaral sa mga panlutas na metakognitibong estratehiya sa pagbasa batay sa mean

Pinakamarami sa mga mag-aaral ang madalas na nakakukuha ng iskor sa pagitan ng 3.70 - 5.30. Samantala, pantay naman ang dalas ng mga mag-aaral na nakakuha ng mababang iskor na 0.50 - 2.10 at pinakamataas na iskor na 6.90 - 8.50.




Figura 3. Kamalayan ng mag-aaral sa mga panglobal na metakognitibong estratehiya sa pagbasa batay sa mean

Kitang-kita sa Figura 3 na bukod sa nasa 3.40 - 4.20 lang ang pinakamadalas na nakukuhang iskor ng mga mag-aaral na wala pa sa kalahating bahagdan ng mga panglobal na estratehiya, ay hindi rin umabot ni sa kalahati man lamang ang kabuoang iskor ng mga mag-aaral sa bahaging ito.




Figura 4. Kamalayan ng mag-aaral sa mga pansuportang na metakognitibong estratehiya sa pagbasa batay sa mean

Bagama't makikitang nasa kalahating porsiyento ng mga estratehiyang nakapaloob sa pansuportang estratehiya ang madalas na ginagamit ng nakararaming mag-aaral, makikita ring higit sa kalahati ng bilang ng mag-aaral ang ni hindi man lamang gumagamit ng mga estratehiyang ito sa pagbasa.

Sa kabuoan, nabatid sa resulta ng datos na 66.7% ng mga mag-aaral ang may mataas na kamalayan sa iba't ibang metakognitibong estratehiya sa pagbasa ng *hypertext* at makikita ito sa tsart:

Dami ng Mag-aaral na may Mababa, Katamtaman, at Mataas na Kamalayan sa Metakognitibong Estratehiya sa Pagbasa




Figura 5. Dami ng mag-aaral na may mababa, katamtaman, at mataas na kamalayan sa metakognitibong estratehiya sa pagbasa

Makikita ring walang mag-aaral ang nag-ulat na sila ay may mababang kamalayan sa paggamit ng mga metakognitibong estatehiya. Samantala, malinaw namang makikita sa Figura 6 na pinakaginagamit ng mga mag-aaral ang mga panlutas na estratehiya na sinusundan ng pangglobal at pansuportang metakognitibong estratehiya.

Kabuoang Kamalayan sa Metakognitibong Estratehiya Batay sa Uri




Figura 6. Kabuoang Kamalayan ng mga Mag-aaral sa Metakognitibong Estratehiya Batay sa Uri

Inilarawan ng kasalukuyang pag-aaral ang kamalayan ng mag-aaral sa nangungunang grupo ng metakognitibong estratehiya bilang hyperaktibong kamalayan; aktibong kamalayan sa ikalawa sa nangunguna; at inaktibong kamalayan naman sa nahuhuli.

Sa pagkuha ng mga pananaw, hindi lamang mahalaga ang mga sinasabi ng kinapapanayam kundi maging ang mga gawi o kilos na nagsisilbing aktuwalisasyon ng mga palagay, paniniwala, at prinsipyo (Maggay, 2002). Kaya naman, sa bahaging ito, iisa-isahin ng kasalukuyang pag-aaral ang mga tuwiran at di-tuwirang metakognitibong estratehiyang ginagamit ng mga guro sa paglinang ng kasanayan sa pagbubuod upang magsilbing patunay ng kanilang mga pananaw sa mga metakognitibong estratehiya sa pagbasa.

Pagbubudbod ng mga metakognitibong estratehiya tungo sa pagbubuod ng kabuoang pananaw ng guro

Sa mga kapaligirang tulad ng LMS, ang mga metakognitibong estratehiya na direktang nakatuon sa pagbubuod ay madalas na mapapansin sa mga estratehiya sa pag-aaral na ibinibigay ng guro sa aktuwal na pagpapadaloy ng talakayan (Azevedo & Witherspoon, 2009). Sa Talahanayan 3, makikitang ang mga naitalang metakognitibong estratehiya na isinasagawa ng guro na nakatuon sa paglinang ng kasanayan sa pagbubuod ay mailalarawan bilang hayagan o direkta sa pagpapaliwanag ng mga konsepto at panuto sa gawain; kontrolado o may limitasyon sa gawaing panliterasi; at kontekstuwalisado sa kagamitang panturo at halimbawa. Ang mga katangiang ito ay higit pang binigyang-linaw ng isinagawang pakikipanayam sa mga kalahok na guro.

Higit na pinapaboran ng mga guro ang direktang pagtuturo ng mga metakognitibong estratehiya kaysa sa pagbibigay ng ganap na kalayaan sa mga mag-aaral na tuklasin ang sariling paraan ng pag-unawa sa teksto tulad ng *hypertext*. Batay sa kanilang karanasan, mas nagiging malinaw at epektibo ang pagkatuto ng mga mag-aaral kapag may tiyak at detalyadong panuto, lalo na sa kontekstong *asynchronous online* na pagkatuto. Inilahad ng mga guro na kung wala pang sapat na kaalaman ang mga mag-aaral sa paggamit ng mga estratehiya tulad ng pagbubuod, pagbabalangkas, o pagbuo ng grapikong pantulong, mas epektibong nauunawaan ng mga mag-aaral ang teksto kung ito ay una munang ipaliliwanag sa klase.

"Kaya dapat isa sa mga ginagawa natin, pag nagkakaroon ng switching, yung instruction. Kasi mas magre-rely ang bata, lalo na kung asynchronous, sa instruction na ibibigay mo. It is about providing interactive content that catches the student's participation. The new normal poses a significant challenge for the educational sector; that is why a new environment is needed to increase the participation rate of the students (G1)"

"Kasi sa umpisa pa lang, wala na silang batayang kaalaman sa mga [metakognitibong] estratehiya na pwede nilang gamitin, e. (G2)"

Ang ganitong obserbasyon ay umaayon sa mga naunang pag-aaral na nagsasabing higit na nakikinabang ang mga mag-aaral sa hayagang pagtuturo ng metakognitibong estratehiya (Pei & Suwanthen, 2019; Compton & Pearson, 2016; Mante, 2009; Gaerlan, 2005), lalo na kung ito ay sinasabayan ng gabay patungo sa mas malayang paggamit nito batay sa kanilang sariling pangangailangan at kakayahan.

Bagaman layunin ng mga tekstong tulad ng *hypertext* na bigyang-kalayaan ang mambabasa sa direksiyon ng pag-unawa, madalas nasusumpungan ng mga guro na hindi pa sapat ang kamalayan ng mga mag-aaral upang mapakinabangan ito, na nauwi sa kalituhan at pagkaantala sa pagbasa. Batay sa karanasan ng mga guro, kapag binibigyan ng maraming opsiyon sa gawain tulad ng malikhaing pagbubuod o pasalitang presentasyon, lalong nahihirapan ang mga mag-aaral sa pagpili pa lamang ng angkop na estratehiya. Kaya't higit na mainam ang kontroladong mga gawaing panliterasi na nakatuon sa tiyak at umiiral na estratehiya sa pagbubuod, upang sa halip na maligaw sa kalayaan (Blom, et al., 2017; Altun, 2003), ay magabayan ang mag-aaral na unti-unting mapaunlad ang sariling metakognitibong kasanayan.

Sa metakognitibong pagbasa, mahalagang isaalang-alang ang interes, kakayahan, at kalagayang panlipunan ng mag-aaral upang maging epektibo ang proseso ng pag-unawa (Mante, 2009; Winne, et al., 2001). Napatunayan ng mga guro na ang pag-embed ng mga *hypertext* sa LMS ay isang epektibong estratehiya upang matugunan ang isyu ng *digital divide* (Nuncio, 2020) at mapadali ang akses ng mga mag-aaral sa mga babasahin, lalo na sa *online* na moda ng klase. Nagkakaisa rin ang mga guro na ang pagpili ng mga tekstong may kaugnayan sa karanasan at interes ng mga mag-aaral ay epektibong paraan upang mahikayat ang mag-aaral sa pagbasa at maisulong ang pagiging metakognitibo ng kanilang pagbasa. Sa ganitong disenyo ng aralin—na hayagan sa paliwanag, kontrolado sa panliterasi, at kontekstuwalisado sa mga kagamitang panturo—mas epektibong naililina ng guro ang kasanayan sa pagbubuod sa kontekstong klaseng *blended*.

Paglalarawan sa pananaw ng mag-aaral sa paggamit ng metakognitibong estratehiya sa pagbasa ng hypertext

Batay sa resulta ng pansariling pagtataya ng mga mag-aaral (MARSI), lumabas na hayperaktibo ang kanilang kamalayan sa paggamit ng mga panlutas na metakognitibong estratehiya sa pagbasa (*problem-solving reading strategies*); aktibo sa paggamit ng mga pangglobal na estratehiya (*global reading strategies*); at di-aktibo sa paggamit ng mga pansuportang estratehiya (*supporting reading strategies*). Makikita ring walang mag-aaral ang nag-ulat na sila ay may mababang kamalayan sa paggamit ng mga metakognitibong

estrategiya. Nangangahulugan ito na naniniwala ang mga mag-aaral na madalas silang gumamit ng mga metakognitibong estrategiya habang bumabasa ng *hypertext*. Sa kabila nito, hindi ginagarantiya ng dalas ng paggamit ng maraming estrategiya ang pagtatagumpay sa pag-unawa sa binabasa lalo na sa mga kapaligirang tulad ng hypermedia (Altun, 2003; Mante, 2009). Ibig sabihin, kung walang tiyak na tunguhing metakognitibo ang isang metakognitibong estrategiya, maaaring mawalan din ng kabuluhan ang dalas ng paggamit ng mga ito.

Pagbubuklod sa pananaw ng guro at mag-aaral sa metakognitibong estrategiya sa pagbasa sa paglinang ng kasanayan sa pagbubuod

Masasalamín sa magkakabuklod na pananaw ng guro at mag-aaral na pareho nilang nakikita ang oportunidad na binubuksan ng metakognitibong estrategiya sa paglinang ng kasanayan sa pagbubuod. Malinaw na kapuwa naniniwala ang guro at mag-aaral na mula sa pagbuhay sa kamalayan sabay nitong malilinang ang kahit anong kasanayan; mula sa kamalayan, maaari itong magbunga ng mga di-nagmamaliw na karunungan; at ang kamalayan ay maaaring maging mitsa ng lalo pang aktibong kamalayan sa pagbasa. Ipinapakita ng mga pananaw at danas ng parehong panig na sa tuwing hayagang isinasaalang-alang ang kamalayan sa pagbasa, mas epektibong naisasagawa ang mga kasanayang gaya ng pagtukoy sa paksang pangungusap, pagbibigay-kahulugan, at pag-aalis ng mga hindi mahalagang detalye. Mahalaga ring isaalang-alang ang konteksto at karanasan ng mag-aaral upang maging intensiyonal, kontekstuwal, at mapagnilay ang paggamit ng metakognitibong estrategiya. Sa ganitong pagbubuklod, nalilikha ang mga panuto, gawain, at kagamitang panturo na higit na angkop sa kasalukuyang pangangailangan ng mga mag-aaral, na siya namang nagsusulong ng maraming oportunidad upang malinang ang kasanayan sa pagbubuod.

Kongklusyon

Nakikitang epektibo ng mga guro ang paggamit ng metakognitibong estrategiya sa pagbasa dahil sa dami at lawak ng kanilang aktuwal na paggamit nito sa paglinang ng kasanayan tulad ng pagbubuod. Kaugnay nito, mailalarawan ang paraan ng kanilang paggamit sa mga estrategiya bilang hayagan sa pagbibigay ng panuto; kontrolado sa pagbibigay ng gawaing panliterasi; at kontekstuwalisado sa kagamitang panturo. Samantala, bagaman mataas ang kamalayan ng mga mag-aaral sa iba't ibang metakognitibong estrategiya, nananatiling dominante ang paggamit nila ng mga panlutus na estrategiya kumpara sa mga pangglobal at pansuportang estrategiya, na nagpapakitang hindi pa ganap na aktibo ang kanilang paggamit nito kahit sa mga masalimuot na tekstong gaya ng *hypertext*.

Sa kabila nito, malinaw na sa magkakabuklod na pananaw ng guro at mag-aaral sa

metakognitibong estratehiya sa pagbasa, nagkakaroon ng mas maraming oportunidad sa paglinang ng kasanayan sa pagbubuod. Dahil nakikita ng parehong panig na susi ang kamalayan sa paglinang ng kasanayan, di-nagmamaliw na karunungan, at sa lalo pang aktibong kamalayan sa pagbasa, nabibigyan ng espasyo ang mga mag-aaral na unti-unting hasain at tasahin ang kanilang kakayahan sa pagbasa. Gayundin, napapagtibay ang kanilang kakayahan sa paglalapat ng mga natutuhan sa mga kongkretong sitwasyon ng komunikasyon.

Rekomendasyon

Iminumungkahi ang pagpapalawak ng ganitong uri ng pag-aaral sa iba pang kasanayang pangkomunikatibo tulad ng pakikinig at panonood, gayundin ang pagbuo ng mga palihang pangguro ukol sa mas epektibong aplikasyon ng metakognitibong estratehiya sa pagtuturo, lalo na sa mga espasyong tulad ng LMS. Mahalaga ring isaalang-alang ang integrasyon nito sa mga *learning continuity plan*, *learning management systems*, at mga polisyang tumutugon sa pagbabago ng kalakaran sa edukasyon sa panahon ng post-pandemya, upang matiyak ang patuloy na pag-unlad ng mga kasanayang pangkomunikatibo ng mga mag-aaral.

Mahalaga ring suriin pa ang mga salik na nakaaapekto sa metakognitibong pagbasa sa kasalukuyang kalakaran ng edukasyon sa ugnayan ng guro, mag-aaral, at pagtatayang panliterasi gamit ang trayanggulasyon sa iba pang antas ng pagbasa at baitang (*learning to read vis-a-vis reading to learn stage*). Upang higit ding mapagtibay mga natuklasan sa kasalukuyang pag-aaral, iminumungkahi rin sa mga susunod na pag-aaral na suriin ang mga pananaw ng guro at mag-aaral hinggil sa metakognitibong pagbasa gamit ang metodong kuwantitatibo tulad ng *quasi-experimental* na pag-aaral upang mataya ang relasyon ng bawat salik sa isa't isa gamit ang mga pedagohikal na interbensiyon, partikular sa paglinang ng kasanayan sa pagbubuod.

Talasanggunian

- Ahmadi, M. R., Ismail, H. N., & Abdullah, M. K. K. (2013). The Importance of Metacognitive Reading Strategy Awareness in Reading Comprehension. *English Language Teaching*, 6(10), 235-244.
- Altun, A. (2003). Understanding hypertext in the context of reading on the web: language learners' experience. *Current Issues in Education*, 1-9.
- Azevedo, R., Witherspoon, A. (2009). Self-regulated learning with hypermedia. *Handbook of Metacognition in Education*. Routledge Publishing, 319-339.
- Balagtas, M.U. (2020). Analysis of the PISA framework vis-a- vis the philippine Kto12 curriculum. In M.U. Balagtas & MA. C. Montealegre (Eds), *Challenges of PISA: The*

- PNU Report (pp.12-31). Philippine Normal University and Rex Institute for Student Excellence, Inc.
- Beck, I. L., McKeown, M. G. (2009). The role of metacognition in understanding and supporting reading comprehension. *Handbook of Metacognition in Education*. Routledge Publishing, 9-23.
- Blom, H., Segers, E., Knoors, H., Hermans, D., & Verhoeven, L. (2017). Comprehension and navigation of networked hypertexts. *Wiley Journal of Computer Assisted Learning*, 306-314.
- Bradman, C. (2023, January 30). How education technology will shape Philippine in-person classrooms in 2023 and beyond. *Manila Bulletin*.
- Brophy, A. (1998, April). Direct and Indirect Instruction: Two Essential Components Used to Teach Reading in an Interdisciplinary Unit Plan.
- Calamlam, J. M. (2023, December 8). Digital note-taking: An effective self-regulation tool in increasing academic achievement of Filipino students in a business mathematics online learning course. *Asian Journal for Mathematics Education*, 2(1), 91-115.
- Creswell, J., & Poth, C. (2017). *Qualitative inquiry research design (Choosing among five approaches)* (4th ed.). SAGE Publications, Inc.
- Collamar, R., Karaan, A. M., Palma, M. S. S (2017). Questions students ask as indices of their comprehension. *The Normal Lights*, 11(1), 109-140
- Compton, D. L., & Pearson, P. D. (2016). Identifying Robust Variations Associated With Reading Comprehension Skill: The Search for Pressure Points. *Journal of Research on Educational Effectiveness*, 9(2), 223–231.
<https://doi.org/10.1080/19345747.2016.1149007>
- Department of Education (2022). DepEd Data Bits: Learning Delivery Modalities SY 2021-2022. Pasig: Department of Education Planning Service, Education Management Information System Division.
- Department of Education. (2023). General Shaping Paper.
<https://www.deped.gov.ph/wp-content/uploads/GENERAL-SHAPING-PAPER-2023.pdf>
- Espejo, C.T., Gutierrez, M.R.M., & Macahilig, H.B.. (2016). The Comprehension Level of Selected Grade Four Pupils Vis-à-vis Text and Test Types. *The Normal Lights*, 10(1), 26-55.
- Gaerlan, M. M. (2005). *Metacognition in ESL Reading: Strategies Used by Selected DLSU Freshmen in Comprehending a Narrative and Expository Text*. Manila: De La Salle University-Manila.
- Hadwin, A. F., Winne, P. H., Stockley, D. B., Nesbit, J. C., & Woszczyna, C. (2001). Context moderates students' self-reports about how they study. *Journal of Educational Psychology*, 93(3), 477–487. <https://doi.org/10.1037/0022-0663.93.3.477>
- Hill, K. M., Brözel, V. S., & Heiberger, G. A. (2014). Examining the delivery modes of metacognitive awareness and active reading lessons in a college nonmajors introductory biology course. *Journal of Microbiology and Biology Education*, 15(1), 5–12. <https://doi.org/10.1128/jmbe.v15i1.629>

- Jaleel, S. (2016). A Study on the Metacognitive Awareness of Secondary School Students. *Universal Journal of Educational Research*, 4(1), 165-172.
- Mante, J. S. (2009, May). Dimensions of Motivations to Read and Metacognitive Reading Strategies as Predictors of Reading Comprehension among Filipino Bilinguals. Manila.
- Mokhtari, K., & Reichard, C. A. (2002). Assessing students' metacognitive awareness of reading strategies. *Journal of Educational Psychology*, 94(2), 249–259.
<https://doi.org/10.1037/0022-0663.94.2.249>
- Nuncio, R. V. (2020). Benchmarking ICT for Education in Japan: Best Practices, Trends, Challenges and Lessons Learned for Philippine ICT-Based Education & Development. *Asia-Pacific Social Science Review* 20(2), 136–148.
- Padilla, P. P., & Tupe, Buenavida, A. T. (2011). Metacognitive Strategy Instruction and Bilingual Readers' Comprehension of Expository Texts. *The RAP Journal*, 28-44
- Pantollano, G. (2022). Physical Educators' Instructional Process in the Utilization of the Learning Management System (LMS). *Psychology and Education: A Multidisciplinary Journal*, 5(3), 1-24. DOI: 10.5281/zenodo.7212507
- Pei, T. & Suwanthep, J. (2019). Effects of web-based metacognitive listening on Chinese university EFL learners' listening comprehension and metacognitive awareness. *Indonesian Journal of Applied Linguistics*, 9, 480-492.
<https://doi.org/10.17509/ijal.v9i2.20246>
- Regala-Flores, E., & Lopez M. (2019). Self-reported summarizing and paraphrasing difficulties in L2 writing contexts: Some pedagogical interventions. *Indonesian Journal of Applied Linguistics*, 9, 286-296. <https://doi.org/10.17509/ijal.v9i2.20219>
- Reoperez, M. C. (2011). Bridging Story World Gap Through Response Journals. *The RAP Journal*, 34(1).
- Reoperez, M. C. (2019, January 31). Mediators of Reading Motivation Among Filipino Collegiate Students. *International Journal of Education Literacy Studies*, 7(1).
- Royo, R. B. (2002). Integrasyon ng mga Kasanayang Metakognitiv sa Pagtuturo ng Filipino: Isang Munghaking Modelo [Thesis]. Pamantasang Normal ng Pilipinas.
- Shang, H. F. (2016). Online Metacognitive Strategies, Hypermedia Annotations, and Motivation on Hypertext Comprehension. *Educational Technology & Society*, 19 (3), 321–334.
- Smith, J. B. & Weiss, S. F. (1988). Hypertext. *Communications of the ACM*, 31(7), 816-819:
<https://doi.org/10.1145/48511.48512>
- Snow, C. E. (2010). Reading Comprehension: Reading for Learning. *International Encyclopedia of Education*, 5, 413-418.
- World Bank. (2022, October). Literacy rate, youth (ages 15-24), gender parity index (GPI) – Philippines.